



# Pagkolekta ng Aqueous Film-Forming Foam at Programa ng Pagtatapon



## DRAFT NG PAHAYAG TUNGKOL SA EPEKTO SA KAPALIGIRAN NG PAGSUNOD SA PROGRAMA Mahahalagang Impormasyon at Buod

Disyembre 2023  
Publikasyon 23-04-070TL

# IMPORMASYON TUNGKOL SA PUBLIKASYON

Ang report na ito ay available sa website ng Ecology sa:

<https://apps.ecology.wa.gov/publications/summarypages/2304070TL.html>.

**Kaugnay na publikasyon:**

[Aqueous Film-Forming Foam Collection and Disposal Program: Draft Environmental Impact Statement](#)<sup>1</sup>

## MGA DETALYE NG KONTAK

**Sean Smith**, Product Replacement Program Manager

Washington State Department of Ecology

Northwest Region Office

P.O. Box 330316

Shoreline, WA 98133-9716

**Telepono:** 206-594-0000

**Email:** [Sean.Smith@ecy.wa.gov](mailto:Sean.Smith@ecy.wa.gov)

**Website:** [Washington State Department of Ecology](#)<sup>2</sup>

- Headquarters, Olympia: 360-407-6000
- Northwest Region, Shoreline: 206-594-0000
- Southwest Region, Olympia: 360-407-6300
- Central Region, Union Gap: 509-575-2490
- Eastern Region, Spokane: 509-329-3400

## PAGIGING ACCESSIBLE NG ADA

Nangangako ang Department of Ecology na paglaanan ang mga taong may kapansanan ng access sa impormasyon at mga serbisyo sa pamamagitan ng pag-abot o pagsunod ng higit pa sa mga kahilingan ng Americans with Disabilities Act (ADA), Section 504 at 508 ng Rehabilitation Act, at Washington State Policy #188.

Upang humiling ng ADA accommodation, tumawag sa Ecology sa 360-407-6700 o mag-email sa [hwtrpubs@ecy.wa.gov](mailto:hwtrpubs@ecy.wa.gov). Para sa Washington Relay Service o TTY tumawag sa 711 o 877-833-6341. Bisitahin ang [ang aming accessibility webpage](#)<sup>3</sup> para sa karagdagang impormasyon.

---

<sup>1</sup> <https://apps.ecology.wa.gov/publications/summarypages/2304064.html>

<sup>2</sup> [ecology.wa.gov/about-us/contact-us](http://ecology.wa.gov/about-us/contact-us)

<sup>3</sup> [ecology.wa.gov/accessibility](http://ecology.wa.gov/accessibility)

# Mahahalagang Impormasyon

## Pagkolekta ng Aqueous Film-Forming Foam at Programa ng Pagtatapon: Draft ng Pahayag Tungkol sa Epekto sa Kapaligiran ng Pagsunod sa Programa

### Petsa ng Paglalabas

Disyembre 20, 2023

### Petsa ng Pagtatapos ng mga Komento

Pebrero 5, 2024

### Deskripsyon

Ang aqueous film-forming foam (AFFF) ay ginagamit sa pag-aapula ng apoy na sanhi ng mga nakasusunog na likido, tulad ng langis o gasolina. Nakababahala ang AFFF dahil nagtataglay ito ng mga per- and polyfluoroalkyl substance (PFAS). Ang mga nakalalasong kemikal na ito ay hindi madaling nalulusaw at may negatibong epekto sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran.

Noong 2018, nagpasa ang Washington ng [Firefighting Agents and Equipment law](#),<sup>4</sup> na naglalagay ng limitasyon sa paggawa, pagbebenta, at paggamit ng AFFF para sa pagsasanay sa pag-aapula ng apoy. Dahil dito, ang mga departamento ng pamatay-sunog ng munisipalidad at iba pang mga unang nagreresponde ay nakapag-imbak ng hindi nagamit na AFFF sa site. Bilang tugon, iminungkahi ng Washington State Department of Ecology (Ecology, kami) ang Pagkolekta ng AFFF at Programa ng Pagtatapon upang tulungan ang mga departamento ng pamatay-sunog na maitapon nang ligtas ang kanilang AFFF na nasa site na may kaunti o walang anumang gagastusin ang mga makikibahagi.

Ang Draft ng Pahayag Tungkol sa Epekto sa Kapaligiran ng Pagsunod sa Programa (Draft Programmatic Environmental Impact Statement, DEIS) ay naglalaan ng impormasyon tungkol sa kapaligiran at pampublikong kalusugan na kailangan upang magkaroon ng may kabatiran at malinaw na desisyon kung paano maitapon nang ligtas ang mga nakaimbak na AFFF sa mga departamento ng pamatay-sunog ng estado.

Inihanda namin ang DEIS na sumusunod sa mga kahilingan ng State Environmental Policy Act (SEPA) na inilalarawan sa [chapter 43.21C RCW \(Revised Code of Washington\)](#)<sup>5</sup> at [chapter 197-11 WAC \(Washington Administrative Code\)](#).<sup>6</sup> Naglalaan ang SEPA ng patnubay sa mga gobyerno ng estado at lokal na pamahalaan na kasama sa mga desisyon tungkol sa mga patakarang pangkapaligiran. Layunin ng proseso ng SEPA na tiyaking maisasaalang-alang ang mga pamantayang pangkapaligiran kapag gumagawa ng desisyon ang estado at mga lokal na ahensya.

---

<sup>4</sup> Chapter 70A.400 RCW (<https://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=70A.400>)

<sup>5</sup> <https://app.leg.wa.gov/RCW/default.aspx?cite=43.21C>

<sup>6</sup> <https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=197-11>

## Kasama sa DEIS

Bilang kahilingan sa ilalim ng patnubay ng SEPA, kasama sa DEIS na ito ang:

- ▶ Impormasyon tungkol sa kasalukuyang paraan ng paggamit ng AFFF.
- ▶ Pagsusuri tungkol sa mga kasalukuyang batas at alituntunin na kumokontrol sa mga mapanganib na sangkap.
- ▶ Mga patakaran upang proteksyonan ang mahahalaga at sensitibong ekolohikal na lugar at mga kasalukuyang paggamit nito.
- ▶ Mga commitment na makipag-ugnayan sa mga pangunahing stakeholder, na nilalakipan ng mga ahensya ng pamahalaan, organisasyon, mga Native American Tribe, at mga interesadong indibidwal.

## Mga Isinasaalang-alang na Alternatibo

Ang mga alternatibong inihaharap sa DEIS na ito ay:

- ▶ Alternatibo 1: Aprubadong Hold in Place.
- ▶ Alternatibo 2: Incineration.
- ▶ Alternatibo 3: Solidification at Landfilling.
- ▶ Alternatibo 4: Class I Deep Well Injection.
- ▶ Alternatibo 5: No Action.

## Timing ng Karagdagang Environmental Review

Ang pagsusuri sa DEIS na ito ay likas na may sinusunod na programa. Inihanda ito upang ihayag ang posibilidad ng malalaki at malulubhang epekto na nauugnay sa pagtanggap at pagpapatupad ng mga alternatibo. Ang anumang indibidwal na proyekto o aktibidad na iminumungkahi o isinasagawa ay maaaring mangangailangan ng karagdagan, mas detalyado, at project-level na environmental review bago ang pagpapatupad. Maaaring kahilingan sa mga proyekto at aktibidad na ito ang SEPA compliance, National Environmental Policy Act compliance, o pareho, depende sa lokasyon ng iminumungkahi at/o mga uri ng permit na hinihiling.

## Komento ng Publiko Tungkol sa DEIS

Magsasagawa kami ng yugto ng komento ng publiko simula **Disyembre 20, 2023 hanggang Pebrero 5, 2024**, alinsunod sa [WAC 197-11-455](https://app.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=197-11-455).<sup>7</sup> Ang lahat ng matatanggap na komento tungkol sa DEIS sa panahon ng yugto ng komento ng publiko ay tatalakayin sa Final Environmental Impact Statement, na planong ilabas sa Mayo 2024.

---

<sup>7</sup> <https://app.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=197-11-455>

## Kung Paano Magsumite ng mga Komento

Puwede kang magsumite ng mga komento tungkol sa DEIS sa mga sumusunod na paraan:

**Online:** [ecology.wa.gov/AFFF-comment](https://ecology.wa.gov/AFFF-comment)

**Email:** [AFFFDisposal@ecy.wa.gov](mailto:AFFFDisposal@ecy.wa.gov)

**Mail:** Washington State Department of Ecology  
Attn: Sean Smith  
P.O. Box 330316  
Shoreline, WA 98133-9716

## Availability ng Dokumento

Ang kumpletong DEIS para sa Pagkolekta ng AFFF at Programa ng Pagtatapon ay available sa website ng Ecology sa:

<https://apps.ecology.wa.gov/publications/summarypages/2304064.html>.

Ang mga nakalimbag na kopya ng dokumento ay maaaring makuha sa pamamagitan ng nasusulat na kahilingan kay Sean Smith sa [Sean.Smith@ecy.wa.gov](mailto:Sean.Smith@ecy.wa.gov), o pagtawag sa 425-324-0328.

## Sesyon ng Impormasyon

Sa di-pormal na pagpupulong na ito online, matututunan mo nang higit pa ang tungkol sa DEIS sa pamamagitan ng isang presentasyon ng aming staff. Maaari kang magtanong, ngunit hindi kami mangongolekta ng mga komento sa kasalukuyan.

**Petsa:** Enero 17, 2024

**Oras:** 10 a.m. – 11:30 a.m.

**Link ng zoom:** [us02web.zoom.us/j/89520569255](https://us02web.zoom.us/j/89520569255)

## Pampublikong Hearing

Sa pormal na hearing na ito online, maaari kang magsumite ng berbal o mga nasusulat na komento ng publiko tungkol sa DEIS, kasunod ng maikling overview ng aming staff. Kokolektahin namin ang mga pormal na komento ng publiko para sa rekord ng DEIS.

**Petsa:** Enero 31, 2024

**Oras:** 1 p.m. – 4 p.m.

**Link ng zoom:** [us02web.zoom.us/j/88449630921](https://us02web.zoom.us/j/88449630921)

## Para sa Karagdagang Impormasyon

Noong nakalipas na mga taon, nag-organisa kami ng isang team ng mga ahensya ng estado at nakipagtulungan sa napakaraming eksperto upang pag-aralan at kolektahin ang impormasyon sa lugar ng program. Nakipag-ugnayan kami sa mga residente, stakeholder, mga Tribe, at iba pang ahensya ng estado upang maglahad hangga't maaari ng pinakatumpak at nababatay-sa-

siyensyang impormasyon. Sinimulan ng DEIS ang gawaing ito. Ang mga background material at iba pang impormasyon ay available sa mga appendice sa DEIS na ito at sa online sa pamamagitan ng mga sumusunod:

### **Mga Webpage Namin:**

- [AFFF Draft Environmental Impact Statement](#)<sup>8</sup>
- [PFAS in firefighting foam EZView page](#)<sup>9</sup>
- [Aqueous film-forming foam.](#)<sup>10</sup>
- [AFFF Collection and Disposal Program](#)<sup>11</sup>

### **Mga Publikasyon Namin:**

- [How Should We Dispose of Toxic Firefighting Foam?](#)<sup>12</sup>
- [AFFF Collection and Disposal Program Alternatives](#)<sup>13</sup>
- [Focus on: What Is an EIS?](#)<sup>14</sup>
- [PFAS in Firefighting Foam](#)<sup>15</sup>

## **Mga Detalye ng Kontak**

Sean Smith, M.S.

Product Replacement Program Manager

Washington State Department of Ecology

Northwest Region Office

P.O. Box 330316

Shoreline, WA 98133-9716

**425-324-0328**

[sean.smith@ecy.wa.gov](mailto:sean.smith@ecy.wa.gov)

---

<sup>8</sup> [ecology.wa.gov/AFFF-DEIS](http://ecology.wa.gov/AFFF-DEIS)

<sup>9</sup> [www.ezview.wa.gov/site/alias\\_\\_1962/37693/pfas\\_in\\_firefighting\\_foam.aspx](http://www.ezview.wa.gov/site/alias__1962/37693/pfas_in_firefighting_foam.aspx)

<sup>10</sup> [ecology.wa.gov/AFFF](http://ecology.wa.gov/AFFF)

<sup>11</sup> [ecology.wa.gov/AFFF-Disposal](http://ecology.wa.gov/AFFF-Disposal)

<sup>12</sup> [apps.ecology.wa.gov/publications/SummaryPages/2304052.html](http://apps.ecology.wa.gov/publications/SummaryPages/2304052.html)

<sup>13</sup> [apps.ecology.wa.gov/publications/SummaryPages/2304013.html](http://apps.ecology.wa.gov/publications/SummaryPages/2304013.html)

<sup>14</sup> [apps.ecology.wa.gov/publications/SummaryPages/2304012.html](http://apps.ecology.wa.gov/publications/SummaryPages/2304012.html)

<sup>15</sup> [apps.ecology.wa.gov/publications/documents/2204037.pdf](http://apps.ecology.wa.gov/publications/documents/2204037.pdf)

# Executive Summary

Ang aqueous film-forming foam (AFFF) ay ginagamit sa pag-aapula ng apoy na sanhi ng mga nakasusunog na likido, tulad ng langis o gasolina. Nakababahala ang AFFF dahil nagtataglay ito ng mga per- and polyfluoroalkyl substance (PFAS). Ang mga nakalalasang kemikal na ito ay hindi madaling nalulusaw, at may negatibong epekto sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran.

Noong 2018, nagpasa ang Washington ng Firefighting Agents and Equipment law ([chapter 70A.400 RCW](#)),<sup>16</sup> na naglalagay ng limitasyon sa paggawa, pagbebenta, at paggamit ng AFFF para sa pagsasanay sa pag-aapula ng apoy. Dahil dito, ang mga departamento ng pamatay-sunog ng munisipalidad at iba pang mga unang nagreresponde ay nakapag-imbak ng mga AFFF sa site na maaaring hindi na nila magagamit.

Bilang tugon, iminungkahi ng Washington State Department of Ecology (Ecology, kami) ang Pagkolekta ng Aqueous Film-Forming Foam at Programa ng Pagtatapon, sa layuning tulungan ang mga departamento ng pamatay-sunog na maitapon ng ligtas ang mga nakaimbak na AFFF na may kaunti o walang anumang gagastusin ang mga makikibahagi. Naglaan ng angkop na pondo ang Washington Legislature para sa programang ito dahil natatanto nila ang panganib ng AFFF at PFAS sa pamahalaan ng estado at pampulikong kalusugan.

Ang programa ay hindi para sa isang partikular na site lamang o lokasyon. Ang lahat ng departamento ng pamatay-sunog ng Washington State na nag-iimbak ng AFFF ay maaaring bumoto na lumahok ayon sa kanilang indibidwal na kapasayanan.

## Kasaysayan ng Proyekto

- ▶ **Setyembre 1, 2020:** Naglabas kami ng State Environmental Policy Act (SEPA) checklist na naglalaman ng paunang Determination of Non-Significance (DNS) kaugnay sa iminumungkahing pagkolekta, transportasyon, treatment, at pagtatapon ng AFFF sa mga incinerator ng Clean Harbors na pinapayagan ng pederal na batas sa Aragonite, Utah.
- ▶ **Oktubre 1, 2020:** Tinapos namin ang 30-araw na yugto ng komento sa SEPA checklist at DNS.
- ▶ **Enero 15, 2021:** Pagkatapos masuri ang mga komento, nagdesisyon kami na iurong ang DNS.
- ▶ **Enero 19, 2021:** Naglabas kami ng Determination of Significance (DS), napatunayan na ang programa ng pagtatapon ng foam ay maaaring magdulot ng malalaki at malulubhang epekto sa kapaligiran. Gumawa kami ng Environmental Impact Statement upang suriin ang mga alternatibong paraan sa pagpapatupad ng AFFF na programa.

---

<sup>16</sup> <https://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=70A.400>

## Ano ang Layunin ng Pahayag Tungkol sa Epekto sa Kapaligiran ng Pagsunod sa Programa?

Ang Pahayag Tungkol sa Epekto ng Programa sa Kapaligiran (Environmental Impact Statement, EIS) ay isang report na nagdedetalye ng mga posibleng epekto sa kapaligiran at pampublikong kalusugan ng isang iminumungkahing aksyon. Sinusuri ng EIS ng pagsunod sa programa (programmatic EIS) ang mga epektong ito para sa iminumungkahing programa o plano, sa halip ng isang espesipikong aksyon o proyekto. Naglalaan ang programmatic EIS ng batayan para sa review ng mga kaugnay aksyon o proyekto na gagawin sa hinaharap.

Hindi inaaprubahan o tinatanggi ng EIS ang iminumungkahing proyekto. Nagbibigay ito ng impormasyon tungkol sa posibilidad ng malalaki at malulubhang epekto sa kapaligiran ng isang mungkahi. Inihanda namin ang draft EIS (DEIS) na ito alinsunod sa mga kahilingan ng SEPA.<sup>17</sup> Dapat isaalang-alang ng Ecology at ng iba pang naaangkop na ahensya ang mga resulta ng DEIS sa mga desisyong may kinalaman sa pagpili at pagpapatupad ng isang iminumungkahing aksyon.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang publikasyong [Focus on: What Is an EIS?](#)<sup>18</sup>

## Ano ang Tatalakayin sa Programmatic EIS na ito?

Tatalakayin ng DEIS na ito ang mga posibleng epekto ng pagkolekta, pag-iimbak, transportasyon, at pagtatapon ng AFFF sa pampublikong kalusugan at kapaligiran. Kabilang sa mga isyu na tatalakayin sa DEIS na ito ay ang:

- ▶ Makatwirang saklaw ng mga alternatibong paraan upang solusyunan ang alalahanin tungkol sa AFFF.
- ▶ Posibleng malulubhang epekto sa kapaligiran. Ang mga posibleng epekto ng alternatibo ay ibinuod sa Chapter 4: Pamamaraan sa Mitigation.
- ▶ Posibleng pamamaraan ng mitigation upang bawasan o alisin ang malalaking epekto.

Sa bawat resource area na tinalakay sa DEIS, ilalahad ang sumusunod na impormasyon:

- ▶ Analytical methodology at mga threshold significance determination.
- ▶ Posibleng malalaking epekto sa resource area.
- ▶ Posibleng malulubhang epekto sa kalusugan ng tao at kapaligiran.
- ▶ Mga pamamaraan ng mitigation at mga pinakamabuting gawin.
- ▶ Mga data gap.
- ▶ Malalaki, hindi maiiwasan, malulubhang epekto.

---

<sup>17</sup> Chapter 197-11 WAC: <https://apps.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=197-11>

<sup>18</sup> <https://apps.ecology.wa.gov/publications/SummaryPages/2304012.html>



## Mga Alternatibo

Kahilingan ng SEPA na maglaan ang EIS ng makatwirang saklaw ng mga alternatibong paraan sa mga iminumungkahing aksyon. Kadalasan, natutupad ng mga isinaalang-alang na alternatibo ang mga layunin ng proyekto, at ang ilan ay maaaring may mababang gastos sa kapaligiran. Apat na alternatibo at isang “no action” na alternatibo ang natukoy at nasuri sa DEIS na ito:

- ▶ **Alternatibo 1: Aprubadong Hold in Place.** Ang AFFF ay maaaring i-hold in place sa mga kalahok na istasyon ng bombero. Maaaring aprubahan at bayaran ng Ecology ang naaangkop na paglalagyan hanggang sa available na ang katanggap-tanggap na mas modernong teknolohiya ng treatment.
- ▶ **Alternatibo 2: Incineration.** Maaaring kolektahin at i-transport ang AFFF sa pinili at kasalukuyang pasilidad ng treatment para sa incineration.
- ▶ **Alternatibo 3: Solidification at Landfilling.** Maaaring kolektahin at i-transport ang AFFF sa piniling pasilidad para sa landfilling o mga pasilidad para sa solidification at pagtatapon.
- ▶ **Alternatibo 4: Class I Deep Well Injection.** Maaaring kolektahin at i-transport ang AFFF sa piniling pasilidad para sa Class I deep well injection o mga pasilidad para sa pagtatapon.
- ▶ **Alternatibo 5: No Action.** Ang AFFF ay maaaring hindi galawin sa mga kalahok na istasyon ng bombero.

## Mga Legal na Kahilingan

Pinapatnubayan ng maraming alituntunin, batas, at mga katungkulan sa kasunduan ang pagbuo ng DEIS na ito. Chapter 2: Inilalarawan ng Project Description and Alternatives ang espesipikong mga batas at alituntunin para sa treatment, pag-iimbak, at pagtatapon ng mapanganib na basura. Kabilang dito ang mga alituntunin ng Washington State gayundin ang mga pederal na alituntunin at mga kahilingan sa pagpapahintulot sa ilalim ng Resource Conservation and Recovery Act (RCRA). Chapter 3: Nag-aalok ang Affected Environment and Environmental Consequences ng mahahalagang pananaw tungkol sa mga Tribal na kasunduan at mga lugar na pinamamahalaan ng pederal sa loob ng lugar kung saan pinag-aaralan ang AFFF.

Anuman ang napiling alternatibo, nangangako kaming magsagawa ng kinakailangang pagkilos, mga pagsangguni, at koordinasyon sa mga Tribe na kinikilala ng pederal. Bukod dito, para sa lahat ng alternatibo maliban sa no action na alternatibo, susundin namin ang mga regional spill response plan ng estado bago ang pagkolekta ng foam, kabilang ang mandatoryong pakikipag-ugnayan at koordinasyon sa mga pederal, pang-estado, Tribal, at lokal na institusyon.

## Mga Hinihiling na Permit, Lisensya, at Pag-apruba

Dahil maaaring makilahok ang alinmang departamento ng pamatay-sunog ng munisipalidad sa Washington State na may kwalipikadong foam, hindi espesipiko ang programa ng pagkolekta ng AFFF sa isang partikular na site o lokasyon. Gayundin, dahil ito ay isang programmatic DEIS, mananatiling hindi tiyak kung ano ang espesipikong paraan ng pagkolekta, transportasyon, at

pagtatapon ng AFFF. Kaya naman, hindi pa maibibigay sa ngayon ang isang komprehensibong listahan ng mga posibleng hinihiling na permit, lisensya, at pag-apruba. Ang listahan ng mga departamento ng pamatay-sunog na posibleng lumahok sa programa ng pagkolekta ay inilakip bilang [Appendix A.2](#).<sup>19</sup>

Sa limang iminumungkahing alternatibo na sinuri sa DEIS na ito, apat (incineration, solidification at landfilling, deep well injection, at no action) ang hindi nangangailangan ng Ecology upang makakuha ng karagdagang permit, lisensya, o pag-apruba.

## Mga Pangunahing Alalahanin sa Pagsunod sa Programa

Ang sumusunod na pangunahing lugar na posibleng magkaroon ng alalahanin sa kapaligiran ay tatalakayin sa DEIS.

### ***Mga panganib sa pampublikong kalusugan***

Ang PFAS sa loob ng AFFF ay natutunaw sa tubig at mabilis kumalat, ibig sabihin madali itong magkontamina ng tubig sa ilalim ng lupa at maaaring mahirap tanggalin. Walang kilalang mga likas na proseso na maaaring lumusaw sa mga substansyang ito. Ang pagkalantad ay maaaring magpatuloy ng daan-daang taon o higit pa.

### ***Kawalan ng mga magkaparehas na alituntunin***

Sa kasalukuyan, hindi nakikita ng EPA na tinukoy bilang mapanganib na substansya ang anumang compound ng PFAS sa ilalim ng Comprehensive Environmental Response Compensation and Liability Act, at walang inilahad na mga compound ng PFAS sa National Drinking Water Standards sa ilalim ng Safe Drinking Water Act. Ang [EPA's Strategic Roadmap](#),<sup>20</sup> na inilabas noong Oktubre 2021, ay tumutukoy sa mga pagkilos na plano nilang tapusin sa loob ng susunod na ilang taon. Kabilang dito ang:

- 1) Mungkahing ilita ang perfluorooctanoic acid (PFOA), perfluorooctanesulfonic acid (PFOS), at iba pang posibleng mga compound ng PFAS bilang mga mapanganib na substansya sa ilalim ng Comprehensive Environmental Response Compensation and Liability Act.
- 2) Pagtatag ng pinal na National Drinking Water Standards para sa PFOA at PFOS.

Bukod pa rito, ang PFAS Action Act (HR 2467)<sup>21</sup> ay isinasaalang-alang ng Kongreso upang solusyunan ang mga isyung ito, pero ang kahihinatnan ng bill ay hindi pa natitiyak.

## Pagpapatupad ng Programa

Ang sumusunod na mga pagkilos ay maaaring kailangan upang maipatupad ang bawat alternatibo ng programa:

- **Para sa Alternatibo 1: Aprubadong Hold in Place**, maaari kaming mag-draft ng mga panibagong alituntunin, pamantayan, permit, o patnubay tungkol sa naaangkop na pag-

---

<sup>19</sup> <https://apps.ecology.wa.gov/publications/summarypages/2304064.html>

<sup>20</sup> [https://www.epa.gov/system/files/documents/2021-10/pfas-roadmap\\_final-508.pdf](https://www.epa.gov/system/files/documents/2021-10/pfas-roadmap_final-508.pdf)

<sup>21</sup> H.R.2467 - PFAS Action Act of 2021. <https://www.congress.gov/bill/117th-congress/house-bill/2467>

iimbak ng AFFF para sa mga departamento ng pamatay-sunog. Maaaring kailangan naming humingi ng pahintulot mula sa mga tatanggap na estado bago ituloy ang pagtatapon ng foam. Maaaring kailangan din naming gumawa ng permit para sa treatment, pag-iimbak, at pagtatapon.

- ▶ **Para sa Alternatibo 2: Incineration**, maaari naming i-authorize ang aming kasalukuyang kontraktor sa basura upang i-transport ang AFFF sa pasilidad ng Clean Harbors sa Aragonite, Utah, o sa pasilidad ng Kimball sa Nebraska para sa incineration.
- ▶ **Para sa Alternatibo 3: Solidification at Landfilling at Alternatibo 4: Class I Deep Well Injection**, maaaring mag-aanyaya kami ng mga bid mula sa mga kwalipikadong kontraktor ng mapanganib na basura. Maaaring kabilang sa prosesong ito ang paunawa sa publiko, kahilingan para sa mga bid, transparent bid review, patalastas ng napiling transporter/kompanya ng pagtatapon ng mapanganib na basura, at pagkakataong hamunin o repasuhin ang napiling bid.

Maaaring ipatupad namin sa kasalukuyan o bagong napiling transporter/mga kompanya ng pagtatapon ng mapanganib na basura ang pagsunod sa lahat ng lokal, pang-estado, at pederal na tuntunin para sa kontroladong pagkolekta, pag-transport, at pagtatapon ng basura. Kabilang dito, ngunit hindi lamang ang mga ito, ay ang:

- ▶ Pagsunod sa mga permit para sa mga transporter, mga alituntunin, at mga spill response plan ng U.S. Department of Transportation.
- ▶ Mga Air and Water Quality discharge permit ng U.S. Environmental Protection Agency (EPA).
- ▶ Mga alituntunin ng Washington tungkol sa mapanganib na basura.
- ▶ Iba pang mga kontroladong alituntunin ng estado sa basura.

Bilang panghuli, bago ang pagkolekta ng foam, maaari kaming pumasok sa mga kasunduan sa pakikibahagi sa mga departamento ng pamatay-sunog na nakilahok sa programa. Maaari kaming kumolekta ng mga updated na imbentaryo ng foam, kasama ang foam volume, dami ng container at laki nila, at mga lokasyon ng foam. Maaaring hilingin din sa kalahok na mga departamento ng pamatay-sunog na mag-file ng lahat ng kinakailangang papeles tungkol sa mapanganib na basura sa Ecology. Maaaring hilingin din sa ilang istasyon ng bombero na mag-apply para sa EPA Site ID number, kung hindi pa sila nakakuha nito.

## Pagsusuri sa Kahalagahan

Batay sa aming pagsusuri, hindi magdudulot ng malulubhang epekto sa pamayanan o mga likas na yaman ang alinman sa mga iminumungkahing alternatibo. Kapag naipatupad ang mga naaangkop na paraan ng mitigation, ang Alternatibo 2, 3 at 4 ay hindi magsasapanganib ng mga likas na yaman, pamayanan, at mga karaniwan at nakagawiang lugar ng mga Tribes o mga karapatan sa kasunduan.

## Ano ang Susunod na Mangyayari?

Bubuksan ang yugto ng komento ng publiko para sa DEIS na ito simula Disyembre 20, 2023, hanggang Pebrero 5, 2024. Kapag natapos na ang yugto ng komento, rerepasuhin namin at isasaalang-alang ang lahat ng komentong natanggap. Maaari kaming gumawa ng mga pagbabago batay sa inyong mga komento. Plano naming maglabas ng Final Environmental Impact Statement sa Mayo 2024.

## Availability ng Dokumento

Ang kumpletong DEIS para sa Pagkolekta ng AFFF at Programa ng Pagtatapon ay available sa website ng Ecology sa:

<https://apps.ecology.wa.gov/publications/summarypages/2304064.html>.

## Kung Paano Magsumite ng mga Komento

Maaari kang magsumite ng mga komento tungkol sa DEIS simula Disyembre 20, 2023 hanggang Pebrero 5, 2024.

**Online:** [ecology.wa.gov/AFFF-Public-Comment](https://ecology.wa.gov/AFFF-Public-Comment)

**Email:** [AFFFDisposal@ecy.wa.gov](mailto:AFFFDisposal@ecy.wa.gov)

**Mail:** Washington State Department of Ecology  
Attn: Sean Smith  
P.O. Box 330316  
Shoreline, WA 98133-9716